# Pansinin, tunay na ang alak ay ipinagbawal na

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako noon ay tagapagpainom ng mga tao sa tahanan ni Abū Ṭalḥah. Ang alak nila noong araw na iyon ay ang faḍīkh. Nag-utos ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang tagapanawagan na manawagan ito: "Pansinin, tunay na ang alak ay ipinagbawal na."} Sinabi: {Kaya nagsabi sa akin si Abū Ṭalḥah: "Lumabas ka saka ibubo mo iyan." Kaya lumabas ako saka ibinuhos ko ito. Kaya dumaloy ito sa mga kalye ng Madīnah. Nagsabi ang ilan sa mga tao: "May pinatay nga na mga tao habang ito ay nasa mga tiyan nila." Kaya nagpababa si Allāh (Qur'ān 5:93): {Walang maisisisi sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos kaugnay sa anumang kinain na nila}.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid si Anas (malugod si Allāh sa kanya) na siya noon ay nasa pagpapainom ng mga nasa tahanan ng asawa ng ina niya, si Abū Ṭalḥah (malugod si Allāh sa kanya). Ang alak nila noong araw na iyon ay ang faḍīkh, ang lahok ng hinog na datiles at bubot nito. Biglang ang tagapanawagan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nananawagan: "Pansinin, tunay na ang alak ay ipinagbawal na." Sinabi: Kaya nagsabi sa akin si Abū Ṭalḥah: "Lumabas ka saka ibuhos mo iyan at iliwat mo iyan." Kaya lumabas ako saka ibinuhos ko ito at iniliwat ko ito. Kaya dumaloy ang alak sa mga kalye ng Madīnah. Nagsabi ang ilan sa mga tao: "Pinatay ang ilan sa mga Kasamahan bago ng pagbabawal nito habang ito ay nasa mga tiyan nila." Kaya nagpababa si Allāh: {Walang maisisisi sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos kaugnay sa anumang kinain na nila} (Qur'ān 5:93) Ibig sabihin: Walang kasalanan sa mga sumampalataya kaugnay sa anumang kinain nila at ininom na alak bago ng pagbabawal nito.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee